National Carer Strategy

# Ang Pambansang Istratehiya ng Tagapag-alaga (The National Carer Strategy)

## Suporta para sa mga di-binabayarang tagapag-alaga

Madaling basahin na bersyon

Easy Read

# Paano ang paggamit nitong katunayang pahina




Kami ang Kagawaran ng Serbisyong Panlipunan (DSS) ng Pamahalaang Australya.

Kami ang sumulat nitong katunayang pahina.



Isinulat namin ang ilang mga salita na nasa letrang **makapal (bold)**.

Ipinapaliwanag namin kung ano ang ibig sabihin ng mga salitang ito.

Mayroon ding listahan ng mga salitang ito sa pahina **10**.



Makakahingi ka ng tulong sa sinumang pinagkakatiwalaan mo ng suporta upang:

- basahin itong katunayang pahina
- humanap ng karagdagang impormasyon.

Ito ay isang Madaling Basahin na bersyon ng katunayang pahina.

Ito ay naglalaman lamang ng mahahalagang ideya.

# Ano ang napapaloob sa katunayang pahina na ito?


Ano ang di-binabayarang tagapag-alaga? 4

Ano ang Pambansang Istratehiya ng Tagapag-alaga (National Carer Strategy)? 6

Anong suporta ang makukuha ng mga di-binabayarang tagapag-alaga? 8

Listahan ng mga salita 10

Kontakin kami 11

# Ano ang di-binabayarang tagapag-alaga?



Ang **di-binabayarang tagapag-alaga (unpaid carer)** ay isang tao na sumusuporta sa ibang tao na hindi binabayaran.

Ang di-binabayarang tagapag-alaga ay kalimitang sumusuporta sa isang miyembro ng pamilya o kaibigan:



- na may kapansanan




- na may mga sakit



- na may sakit sa kaisipan



- habang tumatanda.




Nasa mga **33%** porsiento ng di-binabayarang mga tagapag-alaga ng ibang tao na mahigit sa 40 oras kada linggo.



Halos nasa **40%** porsiento ng di-binabayarang mga tagapag-alaga ang may kapansanan.

# Ano ang Pambansang Istratehiya ng Tagapag-alaga?



Layunin ng Pambansang Istratehiya ng Tagapag-alaga na suportahan ang mga di-binabayarang tagapag-alaga habang nag-aalaga sila ng ibang tao.

Sa katunayang pahina na ito, ang tawag namin dito ay ang istatehiya (the strategy).



Tuturuan ng istratehiya ang mga tao tungkol sa kung ano ang di-binabayarang tagapag-alaga.



Makakatulong ito sa sinuman na maintindihan kung sila ba ay isang di-binabayarang tagapag-alaga.

Tinutulungan din ng istratehiya ang mga di-binabayarang tagapag-alaga na:




- makakuha ng suporta at mga serbisyo sa oras na kailangan nila ito



- makahanap ng mas maraming trabaho, edukasyon at pagsasanay



- Makapag-time out para sa kanilang mga sarili.



Dagdagan ang kaalaman mo tungkol sa istratehiya sa aming website na.

**www.health.gov.au**

## Anong suporta ang maaaring makuha ng mga di-binabayarang tagapag-alaga?

Ang mga di-binabayarang tagapag-alaga ay makakakuha ng libreng suporta, kabilang ang:



- mga grupong pangsuporta ng iba pang mga di-binabayarang tagapag-alaga.



- **pagpayuhan (counselling).**


  Ang counselling ay kapag nakikipag-usap ka sa isang propesyonal tungkol sa kung paano ang takbo ng iyong pag-iisip at pakiramdam.



Kabilang din dito ang mga pakete ng suporta na ibinabagay sa mga pangangailangan ng bawa’t tao.

Halimbawa, mga serbisyo ng paglilinis sa bahay.

Ang mga di-binabayarang tagapag-alaga ay makakakuha din ng libreng:



- mga online na kurso ng kasanayan




- mga pabatid (tips) at suporta para matulungan silang maabot ang kanilang mga layunin



- suporta para **makapagpahinga (respite).**

  Ang mga serbisyo sa respite ay mag-aasikaso sa mga taong may kapansanan upang ang mga tagapag-alaga ay makapagpahinga.



Dagdagan ang iyong kaalaman sa website ng Programa ng Tagapag-alaga (Carer Gateway).

**www.carergateway.gov.au**

# Listahan ng mga salita

Ipinapaliwanag sa listahang ito kung ano ang ibig sabihin ng mga salitang nasa letrang **makapal** ng katunayang pahina.



### Pagpayuhan (Counselling)

Ang counselling ay kapag nakikipag-usap ka sa isang propesyonal tungkol sa kung paano ang takbo ng iyong pag-iisip at pakiramdam.



### Makapagpahinga (Respite)


Ang mga serbisyo sa respite ay mag-aasikaso sa mga taong may kapansanan upang ang mga tagapag-alaga ay makapagpahinga.



### Di-binabayarang tagapag-alaga


Ang di-binabayarang tagapag-alaga ay isang taong sumusuporta sa ibang tao na hindi binabayaran.

# Kontakin kami




Makapagpapadala ka ng email sa

**[NationalCarerStrategy@health.gov.au](mailto:NationalCarerStrategy@health.gov.au)**



Bisitahin mo kami sa aming website.

**www.health.gov.au**



Ang Information Access Group ang lumikha nitong Easy Read na dokumento na ginamit ang stock photography at mga custom images. Ang mga litrato ay hindi maaaring gamiting muli nang walang pahintulot. Para sa anumang mga katanungan tungkol sa mga litrato, mangyaring bisitahin ang **www.informationaccessgroup.com**.

I-quote ang job number 6130